Mensahe Tatlo

**Namumuhay sa loob ng Dibinong Trinidad**
**(2)**
**Namumuhay sa loob ng Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng Pagtatamasa kay Kristo bilang Ating Panustos ng Buhay, sa pamamagitan ng Pamumuhay kay Kristo para sa Kanyang Pagpapadakila, at sa pamamagitan ng Biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo sa Ating Espiritu**

Babasahin sa Kasulatan: Juan 20:22; 6:57, 63; Isa. 12:3-6; Fil. 1:19-21a; Gal. 6:17-18; Apoc. 22:21

**I. Tayo ay namumuhay sa Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng pagtatamasa kay Kristo bilang ating  tustos ng buhay:**

A. Inihinga ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang ang Espiritu Santo (ang Banal na Hininga) tungo sa Kanyang mga disipulo sa araw ng Kanyang pagkabuhay na muli (Juan 20:22); ngayon ay patuloy nating tinatanggap ang malahanging Kristo bilang ang hininga ng Diyos upang siya ay maging mayaman sa atin sa pamamagitan ng pagtawag sa Kanyang pangalan (Pan. 3:55-56; Gen. 4:26; Rom. 10:12-13; *Himno,* #255); maaari din nating langhapin ang Kasulatan, ang salita ng Diyos, bilang ang paghinga ng Diyos (2 Tim. 3:16); sapagkat ang Kanyang mga sinalitang salita ay ang pagsasakatawan ng Espiritu ng buhay, kapag tinatanggap natin ang Kanyang mga salita sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu, tinatanggap natin ang Espiritu, na siyang buhay (Juan 6:57, 63).

B. Ang intensyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang maging ang bukal, ang pinagmumulan, ng mga buhay na tubig upang bigyang kasiyahan ang Kanyang piniling bayan para sa kanilang katamasahan, na may gol na ibunga ang ekklesia bilang ang paglaki ng Diyos, ang paglawak ng Diyos, upang maging ang kapuspusan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Jer. 2:13; Pan. 3:22-24; 1 Cor. 1:9:

1. Ang ating pag-inom sa isang Espiritu sa pagkabuhay na muli ay ginagawa tayong mga sangkap ng Katawan, itinatayo tayo bilang ang Katawan, at inihahanda tayo upang maging ang kasintahang babae ni Kristo—12:13; Apoc. 22:17; Juan 4:14b.
2. Tayo ay masayang makaiigib ng tubig mula sa mga balon ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagsasalita at pag-awit sa Panginoon, sa pamamagitan ng Panginoon, para sa Panginoon, sa loob ng Panginoon, at kasama ang Panginoon upang itaas ang Panginoon at upang magalak sa Panginoon sa isang tuloy-tuloy na paraan—Aw. 46:4; Isa. 12:3-6.
3. Matatamasa natin ang Panginoon bilang ating espirituwal na inumin sa pamamagitan ng pagsasanay na salitain Siya nang palagian; pagkatapos kusang-kusa, ay ipamumuhay natin si Kristo—Bil. 20:8; Fil. 4:6-7, 12.

C. Maaari nating kainin si Kristo bilang ating espirituwal na pagkain upang mabuhay dahil sa Kanya (Juan 6:57); ang kainin si Kristo ay ang kainin ang Kanyang mga salita sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu upang kapwa ibasa dalangin at nilayin ang Kanyang mga salita upang ang Kanyang mga salita ay maging ang kasiyahan at kagalakan ng ating puso (Jer. 15:16; Aw. 119:15-16; Jos. 1:8-9); ang mabuhay hindi lamang sa pamamagitan bagkus gayundin "dahil kay" Kristo ay nangangahulugan na ang nagpapalakas na elemento ni Kristo ay nagiging ang nagtutustos na salik upang ating ibuhay si Kristo.

**II. Tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng pamumuhay kay Kristo para sa Kanyang pagddakila sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo—Fil. 1:19-21a:**

A. Ipinamumuhay ng mga mananampalataya si Kristo sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo; ang Espiritu ni Hesu-Kristo ay si Kristo na siyang Espiritung namamahagi ng buhay—b. 19; 1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:6:

1. Ang masaganang panustos na ito ay kinabibilangan ng pagkadibino, pagkatao, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, pag-akyat sa kalangitan, ang mga dibinong katangian, at ang mga pantaong kagalingan.
2. Lahat ng ginagawa natin at lahat ng ating pamumuhay ay dapat maganap sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo—Fil. 1:19.
3. Sa ilalim ng dibinong pamamahagi ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad, tayo ay kusang tatanggap ng panustos ni Kristo sa loob at ipamumuhay ang isang buhay na naghahayag kay Kristo—vbb 20-21a.

B. Ang buong buhay at gawain ni Pablo ay hindi para sa paghahayag ng kanyang sarili o para sa pagpapakita ng kanyang kaalaman, ng kanyang abilidad, o ng kanyang iba pang kagalingan at mga kabutihan; kung ano siya at kung ano ang ginawa niya ay para sa paghahayag kay Kristo, maging para sa pagdadakila kay Kristo—b. 20; 3:3-10; 2 Cor. 4:5.

C. Sa pagdurusa ng apostol sa kanyang katawan, si Kristo ay napadakila; yaon ay, Siya ay ipinakita o pinamalas na dakila (walang limitasyon), itinaas, at itinanyag—Fil. 1:20:
1. Ang mga pagdurusa ng apostol ang nagdulot sa kanya ng oportunidad upang ihayag si Kristo sa Kanyang walang limit na kadakilaan—Gawa 9:16; 2 Cor. 6:4; 11:23; Col. 1:24.
2. Ang dakilain si Kristo sa ilalim ng anumang kalagayan ay ang maranasan Siya kalakip ng pinakamataas na pagtatamasa—Fil. 1:18; 4:23.
3. Habang si Pablo ay nakakulong sa isang Romanong piitan, kanyang dinakila si Kristo, ginagawa siyang magmistulang dakila sa mga mata ng kanyang mga mandarakip; anuman ang mga kalagayan, si Pablo ay puspos ng kasiyahan at kagalakan sa Panginoon—1:4, 18, 25; 2:2, 17-18, 28-29; 3:1; 4:1, 4.
4. Ang pagniningning at paghahayag ni Pablo kay Kristo sa kanyang kagalakan ay isang deklarasyon ng walang limit na kadakilaan ni Kristo at isang deklarasyon na si Kristo ay hindi masaid—Efe. 3:8, 18; cf. Isa. 9:6.

D. Ang ipamuhay si Kristo para sa Kanyang pagdadakila ay ang makilahok sa pagliligtas ni Kristo sa buhay, kung saan tayo ay naliligtas mula sa kabiguan ng hindi pamumuhay kay Kristo at mula sa pagkatalo sa hindi pagpapadakila kay Kristo—Rom. 5:10.

E. Bilang tularan ng mga mananampalataya, namuhay si Pablo ng isang buhay sa pag-akyat sa kalangitan ni Kristo, isang buhay na lubusang naparangal, na may pinakamataas na pamantayan ng mga pantaong kagalingan na naghahayag ng mga pinakaekselenteng dibinong katangian, isang buhay na kahalintulad sa ipinamuhay ng Panginoon Mismo sa lupa—1 Tim. 1:16; Gawa 27:21-26; 28:3-6, 8-10.

**III. Tayo ay namumuhay sa Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo sa ating espiritu —Gal. 6:18:**

A. Araw-araw isang kahanga-hangang dibinong paghahatid ay dapat maganap: ang Diyos ay masaganang nagtutustos ng Espiritu ng biyaya, at dapat tayong patuloy na tumatanggap ng Espiritu ng biyaya upang Siya ang maging ating kabuuan, at tayo ang maging Kanyang kahayagan—Heb. 10:29b; Juan 1:16; Gal. 3:2-5; 2 Cor. 1:12; 12:9:
1. Ang paraan upang tanggapin at tamasahin ang biyaya ay ang bumaling sa ating espiritu, ensayuhin ang ating espiritu, at iluklok ang Panginoon:
   a. Sa tuwing dumudulog tayo sa trono ng biyaya sa pamamagitan ng pagbaling sa ating espiritu, dapat nating iluklok ang Panginoon, binibigyan Siya ng pagkaulo, ng pagkahari, at ng pagkapanginoon sa loob natin—Heb. 4:16; Rom. 5:17, 21; Col. 1:18b; Apoc. 2:4.
   b. Ang trono ng Diyos ay ang pinagmumulan ng dumadaloy na biyaya; tuwing nabibigo tayo na iluklok ang Panginoon, inaalis Siya sa trono, ang daloy ng biyaya ay tumitigil—22:1.

c. Kapag iniluluklok natin ang Panginoong Hesus sa loob natin, ang Espiritu bilang ang ilog ng tubig ng buhay ay dadaloy mula sa trono ng biyaya upang tustusan tayo; sa ganitong paraan tayo ay tatanggap ng biyaya at tatamasahin ang biyaya—b. 1; *Mga Himno,* #770.

2. Habang dinadala natin ang mga tatak ni Hesus, tinatamasa natin ang biyaya ni Kristo—Gal. 6:17-18:
   a. Sa pang-espirituwal, ang mga tatak ni Hesus ay sumasagisag sa mga katangian ng buhay na ipinamuhay ni Pablo, isang buhay na gaya ng ipinamuhay ng Panginoong Hesus sa lupa; ang gayong buhay ay patuloy na naipako sa krus (Juan 12:24), ginagawa ang kalooban ng Diyos (6:38), hindi naghahangad ng sarili nitong kaluwalhatian kundi ang kaluwalhatian ng Diyos (7:18), at mapagpasakop at masunurin sa Diyos, maging hanggang sa kamatayan sa krus (Fil. 2:8).
   b. Kung dinadala natin ang mga tatak ni Hesus at ipinamumuhay ang isang napakong buhay, tatamasahin natin ang biyaya ni Kristo bilang ang tustos ng Espiritung nagbibigay buhay sa ating espiritu upang maihain natin si Kristo bilang ang biyaya ng Diyos sa sambahayan ng Diyos—3:10; 2 Cor. 4:10-11; Efe. 3:2.

B. Ang biyaya ng Panginoong Hesus na naipamahagi sa Kanyang mga mananampalataya sa buong Bagong Tipang kapanahunan ay napapasukdol sa Bagong Herusalem bilang ang pagpapasukdol ng mabuting kaluguran ng Diyos sa pagsasama, paghahalo, at paglalakip ng Kanyang sarili sa tao para sa Kanyang maluwalhating pagpapalaki at kahayagan—Apoc. 22:21; Efe. 2:10.

*© 2021 Living Stream Ministry*